# Pag-audit ng Seguridad sa Bahay

Ang panghihimasok sa bahay ay isa sa mga pinakakaraniwang krimen at maaaring mangyari anumang oras sa araw o sa gabi. Ang checklist na ito ay dinisenyo upang tulungan kang pag-ibayuhin ang seguridad sa iyong bahay.

Maaari kang gumawa ng mga hakbang upang mabawasan ang itinuturing na mga lugar ng panganib sa iyong bahay at mabawasan ang posibilidad na maging biktima ng krimen o maulit na maging biktima ng krimen.

Paano tatasahin ang seguridad ng iyong bahay? Magkandado upang bawasan ang panganib na mabiktima ng mga oportunistang krimen

| Kasalukuyang kalagayan | | | Pag-isipan ang pagbabago sa mga bagay na nilagyan ng HINDI |
|---|---|---|---|
| **Mga Pintong Pangseguridad** | | | |
| Sa lahat ng mga pasukan/ labasan? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Pinipigilan ng mga pintong pang-seguridad ang mga manghihimasok sa iyong bahay |
| Mga finger guard? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Pinipigilan ng mga finger guard na mapakialaman ang kandado nga iyong (mga) pintong pangseguridad |
| Tripleng kandado? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Ang mga tripleng kandado ay nagdaragdag ng tibay at seguridad sa iyong mga pinto |
| **Pangunahing mga Pintong Pasukan/Labasan** | | | |
| Harapan – solidong loob? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Ang mga solidong pinto ang mas pinipili; ang pinto ay dapat na kasing-tibay ng kandado |
| Harapan – silipan (viewer)? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Tumutulong ang mga viewer sa pinto upang makita kung sino ang nasa harapan ng pinto bago mo ito buksan |
| Likuran – solidong loob? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Ang mga solidong pinto ang mas pinipili; Dapat iwasan ang mga pintong may maguwang na loob (hollow core) |
| Sapat na mga kandado? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Ang mga dead lock ang pinakamahusay na uri ng kandado na magagamit sa mga pintong pasukan/labasan |
| Magkakaparehong susi? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Para sa kaligtasan at kadalian ng paggamit, isang susi ang magbubukas sa lahat ng pinto |
| **Mga Pintong Padausdos (Sliding Doors)** | | | |
| Mga bolt ng patyo | Oo ☐ | Hindi ☐ | Ang mga de-susing mga bolt ng patyo sa mga sliding door ay magpapalakas sa seguridad ng mga pintong ito |
| **Mga bintana** | | | |
| Mga kandadong de-susi? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Pinapalakas ng mga kandadong de-susi ang seguridad ng iyong mga bintana |
| Magkakaparehong susi? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Para sa kaligtasan at madaling paggamit, isang susi ang magbubukas sa lahat ng mga bintana |
| Mga iskrin na pang-seguridad? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Ang mga iskrin na pang-seguridad, grille at shutter ay tumutulong sa bentilasyon at maaaring magbigay ng seguridad |
| Mga istiker ng babala? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Ang mga istiker ng babala ay maaaring humadlang sa mga manghihimasok na magnakaw ng iyong ari-arian |
| **Pag-iilaw** | | | |
| Pangunahing pasukan/ labasan? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Ang mga pangunahing pasukan/labasan sa iyong bahay ay dapat may sapat na liwanag |
| Kinabitan ng mga timer? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Ang mga ilaw na iniwang bukas sa loob ng iyong bahay kapag ikaw ay nasa labas ay kadalasang pumipigil sa mga manghihimasok |
| Ginamit ang mga timer? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Dapat paandarin ang mga timer sa gabi kapag malayo sa iyong bahay |
| Pag-iilaw na may sensor (Sensor lighting)? | Oo ☐ | Hindi ☐ | Ang pag-iilaw na may sensor sa mga lugar na 'mataas ang panganib' ay pipigil sa mga manghihimasok ng iyong bahay |

| Kasalukuyang kalagayan | | | Pag-isipan ang pagbabago sa mga bagay na nilagyan ng HINDI |
|---|---|---|---|
| **Pagmamarka ng propyedad** | | | |
| Inukitan ng code? | Oo □ | Hindi □ | Ang pag-ukit sa mga ari-arian at paggamit ng mga istiker ng BABALA sa iyong ari-arian ay magbabawas sa panganib na ito ay manakaw |
| Naitala ang code? | Oo □ | Hindi □ | Ang iyong code ng Pagkakakilanlan ng Ari-arian (Property ID) ay dapat nakatala sa pulisya upang tulungan silang makontak ang mga may-ari ng mga nabawing bagay |
| Listahan ng imbentaryo? | Oo □ | Hindi □ | Ang pagtatala ng mga serial number, mga gawa, mga modelo at mga paglalarawan ng iyong mga ari-arian ay tutulong sa pulisya upang mabawi ang mga ninakaw at tutulong sa iyong makagawa ng claim sa seguro (baka nais mong kunan ng litrato ang mga bagay at itabi sa isang ligtas na lugar) |
| **Iba pang mga pagsasaalang-alang sa kaligtasan** | | | |
| Malinaw bang makikita? | Oo □ | Hindi □ | Tiyaking malinaw na makikita ang lahat ng mga pinto at bintana mula sa labas |
| Tinabas ba ang mga puno/ palumpong? | Oo □ | Hindi □ | Bawasan ang anumang mga puno/palumpong na magtatakip sa mga pinto at bintana na dahilan upang hindi ma-obserbahan mula sa kalye |
| Naka-secure ba ang garahe/ shed? | Oo □ | Hindi □ | Ang mga garage at shed ay dapat secure na nakakandado sa lahat ng oras |
| Secure ba ang mga tool? | Oo □ | Hindi □ | Ikandado ang mga tool upang hindi magamit ng manghihimasok para makapasok sa iyong bahay |
| Secure ba ang mga wheelie bin? | Oo □ | Hindi □ | Ikandado ang mga wheelie bin o ikadena ang mga ito sa isang nakapirming istruktura na malayo sa bahay upang hindi magamit ng manghihimasok para akyatin ang iyong bahay |
| Secure ba ang mga pinto sa bakuran? | Oo □ | Hindi □ | Ikandado ang mga pinto sa bakuran gamit ang de-susing kandado upang hindi makapasok ang mga manghihimasok |
| Secure ba ang meter box (kahon ng metro)? | Oo □ | Hindi □ | Ang meter box ng iyong kuryente ay dapat na nakakandado (makipag-ugnay sa provider ng iyong kuryente upang ayusin ito) |
| Mga numero ng bahay? | Oo □ | Hindi □ | Ang mga numero ng bahay ay dapat malinaw na nakikita mula sa kalsada |
| Mga mga alarma sa usok (smoke alarms)? | Oo □ | Hindi □ | Magkabit ng mga alarma sa usok at bumuo ng plano ng paglikas kung sakaling magkasunog |
| Mga alarma sa seguridad (security alarms)? | Oo □ | Hindi □ | Ang mga sistema ng elektronikong alarma sa seguridad ay hahadlang sa mga manghihimasok na pasukin ang iyong bahay |
| Ligtas na pagtatapon ng mga personal na dokumento? | Oo □ | Hindi □ | Lahat ng mga dokumento/papeles na naglalaman ng iyong mga personal na detalye (hal. mga lumang bill ng telepono, mga medikal na invoice, mga singil sa kuryente, mga abiso ng rate) ay dapat ganap na nasira bago ilagay sa iyong wheelie bin para sa koleksyon ng basura. Makakatulong ito upang protektahan ka laban sa pagnanakaw ng identidad (identity theft). Para sa karagdagang impormasyon tungkol dito sumangguni sa papel-kaalaman sa Pagnanakaw ng Identidad ng QPS (QPS Identify Theft). |

## Personal na seguridad sa bahay

Itinatabi mo ba nang pribado ang impormasyon tungkol sa mga kaayusan ng iyong seguridad? Oo □ Hindi □

Mag-ingat sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga kaayusan sa seguridad ng iyong bahay sa mga tao na hindi naman kailangang malaman ang impormasyong ito. Ang pagbibigay-diin sa iyong mga kahinaan sa seguridad sa ibang tao ay maaaring makasama.

Itinatabi mo ba nang pribado ang impormasyon tungkol sa mga personal na kaayusan? Oo □ Hindi □

Ang impormasyon tungkol sa mga account sa bangko at mga balanse at personal na mga detalye, kabilang ang mga kaayusan sa iyong pamumuhay, ay hindi dapat ibunyag kung hindi naman kinakailangan. Mag-ingat din sa pagbibigay sa iba ng impormasyon tungkol sa iyong planong iwan ang iyong bahay.

Itinatabi mo ba ang mga mamahaling bagay sa lugar na malayo sa paningin ng iba at hindi maaabot mula sa labas? Oo □ Hindi □

Maaaring mangyari ang mga oportunistang pagnanakaw kapag ang mga mamahaling bagay ay malinaw na nakikita at madaling maabot. Ang mga mamahaling bagay ay pinakamagandang itabi na malayo sa paningin ng iba at sa isang secure na lugar.

May mahalaga ka bang mga numero ng telepono na nakalagay sa iyong telepono? Oo □ Hindi □

Magiging mas madali ang pagtawag kung nakalagay ang numero ng telepono ng lokal na pulisya sa iyong telepono, lalo na sa dilim. Ang Tripleng Zero (000) ay maaari ring ilagay para matawagan kung may emerhensiya. Kapaki-pakinabang din na ilagay ang mga numero ng telepono ng iyong mga kapamilya at malalapit na kaibigan para matawagan ng mga serbisyong pang-emerhensiya kung may mangyaring insidente.

(cc) BY
Lisensya ng URL: http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode
Mangyaring magbigay ng atribusyon sa: © Estado ng Queensland (Serbisyo ng Pulisya ng Queensland) 2019

Queensland Government